



### Lilipat ang Lungsod ng Brampton sa ligtas at kumbinyenteng cashless na pagbabayad

BRAMPTON, ON (Hulyo 3, 2020) – Sa pagpupulong nito sa nakalipas na linggo, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang isang proseso ng cashless na pagbabayad para sa mga buwis sa ari-arian at mga bayad sa Building Division bilang bahagi ng nagpapatuloy na pagpapahusay nito sa proseso at mga pangkaligtasang pamamaraan.

Para sa mas ligtas na mga pinansyal na transaksyon sa mga residente, mga may-ari ng negosyo, at mga empleyado simula Enero 1, 2021, kokolektahin ng Lungsod ang mga buwis sa ari-arian at mga bayad sa Building Division sa pamamagitan ng sumusunod na mga pamamaraan, dahil ang mga bayad na cash ay hindi na tatanggapin:

- Pre-authorized na mga pagbabayad
- Pagbabangko online
- Pagbabangko gamit ang telepono
- Mga personal na pagbabayad sa pamamagitan ng mga sangay ng personal na pagbabangko
- Personal na mga pagbabayad sa debit-card
- Personal na mga pagbabayad sa credit-card (Mga bayad lamang sa gusali)

Sa panahong ito, para matiyak ang pagiging accessible sa mga pangkat tulad ng kabataan at mga senior, ang mga pagbabagong ito ay hindi mai-aaplay sa mga paraan ng pagbabayad para sa ibang mga uri ng mga bayad, lisensiya at singil sa mga user. Kabilang dito ang mga bayad para sa Paglilibang, mga bayarin sa korte ng POA, mga Serbisyo sa Hayop at Performing Arts.

Kaayon sa mga prayoridad ng Konseho ng pagiging Mabuti ang Pagpapatakbo at Malusog at Ligtas na Lungsod, ang cashless na pagbabayad ay naghahandog ng moderno, kumbinyente at ligtas na paraan para makumpleto ang mga transaksyon.

#### Background

- Ang pagtanggap ng cash ay isang paraan ng pagbabayad na may kasamang mga hamon tulad ng panganib ng pagkanakaw at pagnanakaw, panganib ng pagtanggap ng pekeng bills, at mga usapin na pangkalusugan na nauugnay sa pisikal na paghawak ng pera.
- Ang isang napakaliit na porsiyento ng mga may-ari ng mga propyedad ay nagbayad gamit ang cash – na ang karamihan sa mga pagbabayad ay ginawa sa uri ng pre-authorized tax payments (PTP), pagbabangko online, pagbabangko gamit ang telepono, mga tseke o electronic fund transfer (EFT). Ang katulad na paraan ay napansin din sa mga pagbabayad ng cash para sa mga bayarin sa Building Division.

#### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton

-30-



## Service and Information Update

905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)